

APPLICATION

- Isinuko mo na ba ang iyong sarili sa pagkaPanginoon ni Jesu-Kristo? Kung hindi pa, nais mo bang isuko ang iyong buhay sa Kanya ng lubos ngayon?
- Aling bahagi ng iyong buhay ang kailangan pa ring isuko sa pagkaPanginoon ni Kristo? Papaano napapakita ng iyong kaisipan, mga salita, at mga gawa ang pagkaPanginoon ni Jesus sa iyo ngayong linggo?
- May mga paniniwala ka ba, mga kaisipan, at mga kasanayan na hindi naaayon sa Salita ng Diyos? Papaano mo mababago ang iyong kaisipan at higit pa Siyang makilala araw-araw?

PRAYER

- Isuko ang bawat bahagi ng iyong buhay sa pagkaPanginoon ni Jesu-Kristo. Ipahayag ang iyong tiwala sa katangian ng Diyos, kapangyarihan, at katapatan, at iyong katapatang-loob sa Kanya. Ipanalangin na ang iyong buhay ay palagiang maging patungkol lamang kay Jesus at wala ng iba.
- Hilingin sa Diyos na tulungan ka na isabuhay ang iyong desisyon na maglingkod at mamuhay para sa Kanya ng ganap at buong puso.
- Ipanalangin ang mga kakilala mo na hindi pa isinusuko ng kanilang mga buhay kay Jesu-Kristo. Magtiwala sa Panginoon na gamitin ka na mapalapit sila sa Kanya at maging halimbawa ka para sa marami.



Jesus.

NOTES

WARM-UP

- Ikwento ang tungkol sa isang tao na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa iyo, at anong pagbabago ang nagawa sa iyo nito.
- Balikan ang panahon na kailangan mong gumawa ng malaking desisyon. Paano mo pinili ang narapat gawin?
- Sa iyong palagay, sino ang pinakamakapangyarihang tao sa mundo? Bakit?

WORD

“Kaya dapat talagang malaman ng lahat ng Israelita na itong si Jesus na ipinapako n’yo sa krus ang siyang pinili ng Diyos na maging Panginoon at Kristo.” MGA GAWA 2:36

. . . na kung ipapahayag mo na si Jesus ay Panginoon at sasampalataya ka nang buong puso mo na muli siyang binuhay ng Diyos, maliligtas ka. ROMA 10:9

Ang ibig sabihin ng pananalig kay Jesus ay ang tanggapin Siya bilang Tagapagligtas at Panginoon. Kung sinasabi natin na si Jesus ay Panginoon, ibig sabihin ay Siya ang ating maestro at Siya dapat ang nasusunod. Ang pagpapahayag na ito ay higit pa sa pagsang-ayon lamang o pagsasabi lamang. Ibig sabihin nito ay buong-puso nating isinusuko ang buhay natin sa Kanya at sa Kanyang Salita. Si Jesus ay dapat na maging Panginoon ng lahat at kung hindi man, hindi talaga Siya Panginoon. Hindi pupwedeng Panginoon lamang Siya sa iilang bahagi ng ating buhay—Siya ay dapat lang na Panginoon sa bawat bahagi ng ating buhay sa araw-araw. Sa aralin na ito, tutunghayan natin ang tatlong bahagi na ating pinaglalaman ngunit dapat lamang na mapasailalim sa pagkaPanginoon ni Jesu-Kristo.

1 Si Jesus ay Panginoon ng ating kalooban.

“Ama, kung maaari ay ilayo n’yo sana sa akin ang mga paghihirap na darating. Ngunit hindi ang kalooban ko ang masusunod kundi ang kalooban n’yo.” LUCAS 22:42

Kung si Jesus ay Panginoon, ibig sabihin ay sumusuko tayo sa Kanyang kalooban at mga layunin. Maging si Jesus ay sumuko sa kalooban ng Kanyang Ama. Tulad ni Jesus, kailangan nating magpasya upang sumunod sa Diyos at isapamuhay ang desisyon na ito, kahit na maging mahirap man ito. Paano nagiging mapanganib ang pagsunod natin sa ating mga kalooban, pakiramdam, at mga pag-iisip? Papaano mo nagawang isuko ang iyong kalooban sa Diyos? Paano ka tumutugon kung ang iyong kalooban ay hindi kalooban ng Diyos?

2 Si Jesus ay Panginoon ng ating kaisipan.

Winasak namin ang kanilang maling pangangatwiran na tulad ng matibay na pader na humahadlang sa kanila na makilala ang Diyos. Kinukumbinsi namin silang sundin ang mga utos ni Kristo.

2 CORINTO 10:5

Huwag ninyong tularan ang mga ginagawa ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Diyos—kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin. ROMA 12:2

Ang gawing Panginoon si Jesus ng ating kaisipan ay may kinalaman sa pagpuno ng ating mga kaisipan ng Salita ng Diyos. Ang ating pag-iisip ay narapat lang na sumunod kay Kristo, at huwag nating hayaan ang anumang mga hindi makaDiyos na kaisipan na manaig sa ating pag-iisip. Papaano nakakatulong ang pagbabasa ng Bibliya na mabago ang kaparaanan ng ating pag-iisip at gawa? Papaano nakakatulong ang Salita ng Diyos upang malaman natin ang Kanyang kalooban?

3 Si Jesus ay Panginoon ng ating katawan.

Hindi ba’t ang katawan ninyo’y templo ng Banal na Espiritung tinanggap ninyo mula sa Diyos at nasa inyo? Kung ganoon, ang katawan ninyo’y hindi sa inyo kundi sa Diyos . . . 1 CORINTO 6:19

Upang gawin si Jesus na ating Panginoon ay ang pag-amin natin na ang ating mga sarili ay hindi na natin pag-aari. Anuman ang ating pinaniniwalaan ay dapat lamang na nakikita sa ating pamumuhay, kasama na ang ating pupuntahan, ang ating mga ginagawa, at ating mga sinasabi. Ano ang isang templo? Sinasabi ng Bibliya na ang iyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu. Papaano nito naaapektuhan ang iyong pamumuhay? Ano ang ibig sabihin ng gawin mong Panginoon si Jesus ng iyong katawan?
